



Internasyonal na mga estudyante

Ang impormasyong ito ay para sa mga holder ng Student (subclass 500) o Temporary Graduate (subclass 485) visa.

Pag-a-apply ng bagong student visa

Dahil sa COVID-19, ang ilan sa mga oras ng pagproseso ng visa ay naapektuhan. Ang mga aplikasyon ay maaaring mas matagalan bago ito matapos.

Magiging mas mabilis ang pagproseso kapag kumpleto ang aplikasyon. Hinihikayat namin ang mga estudyante na magbigay sa Department of Home Affairs ng kumpletong aplikasyon para sa Student visa. Para makita ang mga kinakailangan, puwedeng gamitin ng mga estudyante ang [Checklist Tool ng Mga Dokumento](#).

Para sa mga karagdagang impormasyon tingnan ang [Mga oras ng pagproseso ng Global visa](#).

Waiver ng bayarin sa student visa

Aalisin namin ang bayarin sa aplikasyon ng visa para payagan kang magsumite ng karagdagang aplikasyon ng student visa kung nagmamay-ari ka ng student visa simula noong Pebrero 1, 2020 at hindi mo makumpleto ang iyong kurso sa loob ng bisa ng orihinal na visa dahil sa mga epekto ng COVID-19. Kabilang dito kung:

- ipinagpaliban mo ang iyong pag-aaral dahil hindi ka makapasok sa Australia dulot ng mga paghihigpit sa pagbiyahe
- napilitan kang kumuha ng part-time na load sa pag-aaral
- hindi mo nakumpleto ang iyong pagsasanay na nakabatay sa trabaho at/o mga placement.

Hindi inilaan ang hakbang na ito para sa mga mag-aaral na nag-a-apply ng bagong student visa dahil sa mga karaniwang dahilan (kabilang na kung bumagsak ka sa isang kurso o yunit ng pag-aaral, ipinagpaliban dahil sa mga personal na dahilan o boluntaryong nagbawas ng iyong load sa pag-aaral).

Kinakailangan mong mag-apply ng Student visa para maisaalang-alang ang iyong aplikasyon para sa libreng waiver at ilakip ang kumpletong [Form 1545 COVID-19 Impacted Student \(228KB PDF\)](#) mula sa tagapagbigay ng iyong edukasyon.

Kung nag-a-apply ka ng libreng waiver sa Australia, hindi awtomatikong mag-i-isyu ng Bridging visa dahil kailangan munang suriin ang eksempsyon sa bayarin.

Magagamit lamang ang waiver na ito sa Visa Application Charge (VAC).

Bilang karagdagan, ang mga mayroong student visa na nasa labas ng Australia at dumating sa pagitan ng Enero 19, 2022 at Marso 19, 2022 ay maaaring maging karapat-dapat tumanggap ng refund para kanilang VAC. Para sa higit pang mga impormasyon kung paano mag-apply ng refund para sa VAC, tingnan ang [Pagkuha ng refund](#).

Form 1545 COVID-19

Kailangang matukoy ng mga tagapagbigay ng edukasyon na nagmamay-ari ka ng student visa simula noong Pebrero 1, 2020 at hindi makakumpleto ng iyong kurso sa loob ng bisa ng kanilang orihinal na visa dahil sa COVID-19.

Puwede kang magbigay ng karagdagang katibayan ng mga epektong kaugnay ng COVID-19 kasama ng nakumpletong form.

Mga flexible na iskedyul para sa karagdagang impormasyon — Mga pagsusulit sa Ingles, biometrics, at kalusugan

Pinapayagan namin ang karagdagang panahon para makapagbigay ka ng mga resulta sa pagsusulit sa wikang Ingles kung hindi mo magawang kumuha ng pagsusulit dahil sa COVID-19. Magbibigay rin ng karagdagang panahon para sa pagkolekta ng biometrics at mga pagpapasuri ng kalusugan kung saan nagambala ng COVID-19 ang pag-access sa mga serbisyo.

Kung nakakuha ka na ng appointment para sa isa o higit pa sa mga serbisyong ito nang higit sa 28 araw sa hinaharap, maaari mong ilakip ang kumpirmasyon ng iyong booking sa sa [ImmiAccount](#).

Pakisagot ang mga kahilingan para sa impormasyon upang maipaalam sa Departamento, sa pamamagitan ng [ImmiAccount](#), na kailangan mo ng karagdagang oras kung kakailanganin mo ito.

Mga kasalukuyang may-ari ng visa

Flexible na mga kaayusang may kinalaman sa mga petsa ng pagsisimula dahil sa COVID-19

Nauunawaan ng Departamento na maaaring hindi masimulan sa oras ng ilang estudyante ang kanilang kurso ng pag-aaral dahil sa mga paghihigpit kaugnay ng COVID-19. Tiyakin na alam ng tagapagbigay ng iyong edukasyon na hindi mo masisimulan ang iyong pag-

aaral dahil sa mga paghihigpit kaugnay ng COVID-19. May mga opsyon na makakapagtiyak na hindi ka lalabag sa mga kondisyon ng iyong visa. Masasabi sa iyo ng tagapagbigay ng iyong edukasyon ang mga opsyon na available sa iyo para sa iyong sitwasyon.

Kung mayroon kang Student visa, makipag-ugnayan sa tagapagbigay ng iyong edukasyon kung hindi ka makabiyaha dahil sa mga paghihigpit kaugnay ng COVID-19. Tiyakin na naka-enrol ka sa isang inaprubahang kurso ng pag-aaral sa lahat ng oras.

Dapat mong malaman na maaari naming kanselahin ang iyong visa kung:

- hindi mo masimulan ang iyong pag-aaral sa takdang oras o
- wala kang kasalukuyan o aktibong Confirmation of Enrolment (CoE).

Matutulungan ka ng tagapagbigay ng iyong edukasyon para hindi iyon mangyari.

Kung nasa labas ka ng Australia at wala ka pang aktibo o kasalukuyang CoE, tingnan ang status ng iyong visa sa [VEVO](#). Gawin ito bago magplano ng anumang pagbiyahe para matiyak na hindi nagbago ang status ng iyong visa.

Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang [Nagbago ang sitwasyon ng iyong pag-aaral](#).

Mga kondisyon ng Student visa

Nagsasagawa kami ng flexible na pamamaraan kung saan ang mga paghihigpit sa COVID-19 ay pumigil upang matugunan ang mga kondisyon para sa Student visa. Hindi ka lalabag sa mga kondisyon ng iyong student visa kung ikaw ay:

- may naaprubahang pagpapaliban ng kurso
- nag-aaral online.

Dahil sa kasalukuyang kakulangan sa mga manggagawa, pansamantalang inaalis ng Gobyerno ang limitasyon ng oras ng trabaho ng may-ari ng student visa sa lahat ng sektor ng ekonomiya. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang [Mga pansamantalang pagbabago sa mga kondisyon sa pagtatrabaho ng visa para sa mga Estudyante at Working Holiday Maker](#). Isa itong pansamantalang hakbang para sa lahat ng pagdating ng kasalukuyang estudyante pati na ang mga bagong estudyante na gugustuhing humanap ng trabaho at magtatrabaho bago magsimula ang kurso at susuriin sa Abril 2022. Kasali rin dito ang mga secondaryang aplikante.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Pansamantalang pagluluwag ng oras ng pagtatrabaho para sa mga may-ari ng student visa](#).

Mga refund sa Singil sa Aplikasyon ng Visa para sa mga Estudyante

Nagbibigay ang Gobyerno ng insentibo para sa mga may-ari ng Student visa upang bumalik agad sa Australia sa lalong madaling panahon para matugunan ang kasalukuyang kakulangan ng mga manggagawa na idinulot ng COVID-19.

Ang sino man na mayroong student visa na nasa labas ng Australia at bumiyahe sa pagitan ng Enero 19, 2022 at Marso 19, 2022 ay maaaring magiging karapat-dapat para sa refund ng kanilang Singil sa Aplikasyon ng Visa(VAC). Makakapag-apply ka para sa refund hanggang sa Disyembre 31, 2022. Para sa higit pang mga impormasyon kung paano mag-apply para sa VAC tingnan ang [Pagkuha ng refund](#).

Kailan kami dapat abisuhan

Hindi mo kailangang sabihin sa amin kung bumalik ka sa iyong bansa o kung may nagbago sa sitwasyon ng iyong pag-aaral. Mananatiling may bisa ang iyong visa hanggang magsumite ka ng isa pang aplikasyon ng visa, o mag-expire ang iyong visa. Hindi mababago ang status ng iyong visa kung umuwi ka o ipinagpaliban ang iyong pag-aaral.

Maaaring magbigay ng bagong CoE ang mga tagapaglaan ng edukasyon at mag-enrol ng mga estudyante para mag-aral online. Kung mayroon kang may bisang student visa, ibibigay sa amin ng iyong tagapagbigay ng edukasyon ang bago mong CoE.

Kung mayroon kang kasalukuyang aplikasyon ng student visa, puwede mong ilakip ang iyong bagong CoE sa iyong aplikasyon sa [ImmiAccount](#).

Higit pang impormasyon

Available ang impormasyon para sa mga internasyonal na mag-aaral sa iba't ibang ahensya ng Gobyerno, kabilang ang:

- [Australian Government kaugnay ng COVID-19](#) para sa mga pinakabagong balita, update, at payo.
- [Department of Education, Skills and Employment](#) at mag-email sa international.students@dese.gov.au
- [Department of Health](#) para sa Saklaw sa Kalusugan ng mga Mag-aaral sa Ibang Bansa
- [Ombudsman ng Internasyonal na Mag-aaral](#) para sa mga reklamo kaugnay ng COVID-19
- [Study Australia](#) para sa impormasyon tungkol sa mga pansuportang serbisyo.

Pinansyal na tulong

Kung nag-aaral at nagtatrabaho ka sa Australia. Puwede kang mag-access ng pinansyal na tulong kung ikaw ay:

- kinakailangang magbukod ng sarili o kung nag-aalaga ka ng taong may COVID-19 (Kabayaran para sa Bakasyon dulot ng Sakuna sa Pandemya o Pandemic Leave Disaster Payment) o
- lubhang naapektuhan ng isang kautusan ng pampublikong kalusugan ng estado at sumailalim sa lockdown sa loob ng mahigit pitong araw (Kabayaran sa Sakuna ng COVID-19).

Para sa higit pang mga impormasyon tungkol sa mga pagbabayad ng pinansyal na suporta at pamantayan sa pagiging karapat-dapat, tingnan ang [mga pagbabayad at serbisyo ng Centrelink](#).

Mga plano ng pagdating ng estudyante

Kung mayroon ka ng Student Visa at hindi natugunan ang kahulugan ng [kumpletong pagkakabakuna para sa layunin ng internasyonal na pagbiyahe](#) sa Australia, maaari kang maging karapat-dapat sa pagbiyahe sa Australia sa ilalim ng plano ng pagdating ng internasyonal na estudyante. Para sa karagdagang mga impormasyon tingnan ang [Mga Student visa](#).

Pagpapalit at ekstensyon ng Temporary Graduate visa

Kung may hawak ka ng Temporary Graduate visa, maaari kang maging karapat-dapat para sa pagpapalit ng visa o ekstensyon ng visa. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [Temporary Graduate visa](#).